Ang Sulo ng Rebolusyon
TAGAPAMANDILA NG REBOLUSYONARYONG PROPAGANDA
OPISYAL NA PAHAYAGAN NG NARCISO ANTAZO ARAMIL COMMAND
BAGONG HUKBONG BAYAN - LALAWIGAN NG RIZAL
ENERO-HUNYO 2024

# Paigtingin ang Pakikibaka para sa Pambansang Kalayaan

**Tulad ng maraming prubinsya, saksi ang Rizal sa mga makasaysayang kaganapan sa loob ng ilang daang taong paglaban sa dayuhang pananakop.**




Sing-aga ng panahong sasakupin pa lamang ng mga Espanyol ang Maynila at mga karatig nitong lugar, ipinakikita na ng mga Rizaleño ang kanilang paglaban para sa integridad ng kanilang lupang tinubuan.

Noong Agosto 1571, magiting na ipinamalas nina Gat Maitan at ng mamamayan ng Cainta at Taytay ang kahandaang mamatay sa pagtatanggol ng kanilang lugar laban sa pananakop ng mga Espanyol.

Sa Kweba ng Pamitinan sa Montalban (Rodriguez), Rizal unang nagdeklara ng kasarinlan mula sa kolonyalismong Espanyol sina Andres Bonifacio, Emilio Jacinto, Restituto Javier, Guillermo Masangkay, Aurelio Tolentino, Faustino Manalak at Pedro Zabala. Ginawa nila ito sa isang pagtitipon ng Katipunan noong Abril 12, 1895, isang taon bago ang pagsisimula ng rebolusyong Pilipino noong 1896. Hanggang ngayon, makikita pa rin sa mga pader ng kweba ang isinulat ni Bonifacio na "Viva la independencia Filipinas".

Matapos ang ilang pansamantalang kabiguan sa pagsisimula ng rebolusyon noong Agosto 1896, nakabawi ang mga Katipunero sa matagumpay na opensiba nila sa mga Espanyol sa Labanan sa Montalban. Mula noon, mabilis na lumaki ang kasapian ng Katipunan sa lugar at nagsimulang humugis ang isang pambansang hukbo.

Sa maghapong Labanan sa San Mateo, kasama nina Andres Bonifacio sina Macario Sakay at 100 hukbo mula sa Antipolo at Uyungan. Nilansi nila ang mga Espanyol hanggang sa matalo ang mga ito, at ito ang naturingang una sa mga makabuluhang tagumpay ng Katipunan laban sa mga kolonyalistang Espanyol.

Noong Disyembre 19, 1899, sa panahon ng Digmaang Pilipino-Amerikano, naganap ang Labanan sa San Mateo, Rizal. Bagamat kinailangang umatras ng pwersang Pilipino, naging malaking bigwas ang pag-isnayp kay Gen. Henry Ware Lawton na tropang Amerikano. Sa mga Amerikanong sundalo, siya ang may pinakamataas na ranggong naging kaswalti sa digma sa pagitan ng Pilipinas at United States. Sub-

alit dahil superyor ang lakas militar ng mga Amerikano, tinalo nito ang lumalabang mamamayan at pinaslang ang higit 250,000 Pilipino na noo'y nasa limang milyon lamang ang populasyon. Tuluyang sinakop ang bansa hanggang sa masakop ng pasistang Hapon at muling binawi ng imperyalismong US.

Makalipas ang 126 taon mula nang unang deklarasyon ng huwad na kalayaan sa bansa, ang Rizal ay ginawang lunsaran ng mga proyektong nagsisilbi sa imperyalistang interes. Tagos sa bawat sulok ng lalawigan ang lahat ng palatandaan ng imperyalismong nakaugat na sa malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino.

Bubuhayin ng proyektong Wawa-Violago Dam ang abandonadong dam na unang itinayo ng imperyalismong US noong 1904. Sasaklawin ng dam at ng kaakibat nitong 500-MW pumped storage hydropower project ang mga bayan ng Rodriguez (dating Montalban), San Mateo at Antipolo. Pinagtutulungan ito ng Wawa JVCo at PowerChina, kumpanya sa konstruksyon ng imperyalistang China.

Nagtutuloy-tuloy ang konstruksyon ng kontrobersyal na Kaliwa Dam. Noong Pebrero 2023, sinabi ng MWSS Administrator na si Leonor Cleofas na nagsimula na ang paghuhukay para sa tunnel nito sa Teresa hanggang Morong. Nitong Marso 2024, 30% na ang inaabot ng konstruksyon at tuloy-tuloy ang pagbubutas para sa tunnel na umabot na ng 1.5 kilometro mula Teresa hanggang General Nakar, Quezon.

Pinapaandar ang proyekto ng pautang na pera mula sa China at nakalista bilang bahagi ng Belt and Road Initiative (BRI) nito. Ang BRI ay ang engrandeng disenyo ng China upang ipwesto ang sarili bilang nangungunang superpower at sentro ng kalakalan sa buong daigdig. Isa ang Kaliwa Dam sa mga popondohan nitong proyekto sa iba't ibang bansa.

Ang dalawang dam ay parehong flagship project ng rehimeng Marcos II sa ilalim ng programang Build, Build, Build ng naunang administrasyong Duterte, hanggang sa Build, Better, More ng kasalukuyang rehimeng US-Marcos II. Binibigyang laya nito ang mga dayuhan at maka-imperyalistang mga korporasyon na butasin at pulbusin ang kabundukan ng Sierra Madre para sa konstruksyon ng mga dam.

Samantala, bago pa man gunitain ang deklarasyon ng huwad na kalayaan nitong Hunyo, tuloy-tuloy na isinagawa ang malalaking Balikatan Exercises at pagpapakatuta ng AFP sa US laban sa karibal nitong China. Ang Balikatan 39-24 na sumaklaw sa iba't-ibang probinsya at rehiyon ay isa sa pinakamalalaki at pinakamaraming pagsasanay na inilunsad. Habang sariwa pa ang isinagawang pagsasanay noong Abril 2023 na Exercise Kasangga sa pagitan ng Armed Forces of the Philippines at Australian Defense Force sa Camp Capinpin, Tanay, Rizal. Ang Australian Defense Force ay kaalyado ng US sa ilalim ng alyansang militar na AUKUS (Australia-United Kingdom-United States) na isa sa mga makinarya nito para sa pagtitiyak ng kanyang kapangyarihan sa Asia Pacific. Ang mga ehersisyong militar at lumalaking presensya muli ng tropang militar ng US at mga kaalyado nitong bansa sa Pilipinas ay tahasang paglabag sa soberanya ng Pilipinas at lalong nag-uudyok sa China na tingnan ito bilang paghahanda sa gera laban sa kanya at maging agresibo. Ito ang naglalagay sa PIlipinas sa gitna ng dalawang nag-uumpugang bato, ang imperyalismong US at China.

Bukod dito, sa nasabing headquarters ng 2nd IDPA sa Camp Capinpin, Tanay naka-istasyon ang mga makabagong gamit-militar na binibili ng reaksyunaryong gubyerno mula sa imperyalismong US sa ilalim ng AFP Modernization Program. Nitong Enero, tinaasan ng 6 bilyong piso ang badyet para sa programa para sa kabuuang 45 bilyong piso.

Ilan lamang ito sa mga palatandaan at resulta ng daan taong mga kasunduan sa ekonomya, pulitika, militar at kultura sa pagitan ng Pilipinas at ng mga imperyalistang bansa, pangunahin ng US. Taun-taong ginugunita ang deklarasyon ng umano'y kalayaan ng Pilipinas noong Hunyo 12, 1898, ngunit saanman tingnan, naririyan ang ebidensya ng dayuhang kontrol sa ating bansa. Hindi tunay ang kalayaan kung hanggang sa ngayon nagagawa ng mga dayuhan na dambungin ang yaman, sirain ang kalikasan at yurakan ang integridad ng Pilipinas para sa kanilang ganansya. Hindi rin kailanman masasabing malaya ang bansa kung ang mga namumuno dito ay maamong

Ang Sulo ng Rebolusyon
TAGAPAMANDILA NG REBOLUSYONARYONG PROPAGANDA
OPISYAL NA PAHAYAGAN NG NARCISO ANTAZO ARAMIL COMMAND
BAGONG HUKBONG BAYAN - LALAWIGAN NG RIZAL

**NILALAMAN**


1 Editoryal: Paigtingin ang Pakikibaka Para sa Pambansang Kalayaan
3 Dagliang Ambus Tagumpay laban sa 80th IBPA
4 Lathalain: El Niño sa Rizal
5 Pagbabawal sa Pagkakaingin, dagdag pasakit sa El Niño
6 Lathalain: Banta ng La Niña
7 Brgy. San Jose sa Antipolo, ginawang garison ng 80th IBPA at SAF-PNP
8 Balitang HRVs: Human Rights Violations ng 80th IB
9 Kilos Protesta sa Antipolo sa ikalawang taon ni BBM
80th IB, Layas sa mga Paaralan
11 MALAYA KA Program lumang estilo ng panlilinlang
Kultura: The Dumagats and Remontados stand with the Adivasi
12 Balik Tanaw: Mga Larawan

*Ang Sulo ng Rebolusyton ay nag-aanyaya sa mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating rebolusyonaryong pahayagan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga komentaryo at mungkahi, gayundin ng mga balita o mga rebolusyonaryong karanasan na maaaring mailathala.*

tutang sumusunod sa bawat dikta ng amo nitong imperyalista.

Subalit kahit nananatili ang kaliwa't kanang palatandaan ng dayuhang pananakop sa Rizal, marubdob pa ring nananalaytay ang diwa ng pakikibaka laban sa dayuhang pagsasamantala at para sa pambansang kalayaan, ilang daang taon man ang nakalipas. Pinananatiling hinog ng mga palatandaang ito ang kalagayan para sa pagsusulong ng rebolusyon.

Magiting na nakikibaka ang mga Rizaleño para ipagtanggol ang kanilang lupa, trabaho at karapatan. Kinukundena nila ang presensya ng dayuhang militar at ang direktang pagsasangkot ng mga Pilipino sa kaguluhan ng mga imperyalista. Sa kanayunan, isinusulong ng Bagong Hukbong Bayan ang digmang bayan tungo sa mas mataas na antas.



Dapat pag-ibayuhin ang pakikibaka laban sa imperyalismo. Dapat pukawin ang damdaming makabayan at anti-imperyalista sa hanay ng mamamayan. Sariwain sa kasalukuyang henerasyon ng mga kabataan ang mayamang kasaysayan ng Pilipinas sa paglaban at hanguan ng inspirasyon ang kagitingan at determinasyon ng mga Pilipino na kamtin ang kalayaan. Iangat ang kamulatan ng masa kaugnay sa imperyalismo at ilantad ang agresyon na isinasagawa ng US at China sa rehiyong Asya-Pasipiko at ang kahalintulad na mga kaso nito sa iba pang bahagi ng mundo.

Dapat palakasin ang pagkundena sa pagtataksil ng rehimeng Marcos-Duterte sa soberanya ng bansa at sa ginagawa nitong pag-aanyaya ng imperyalistang banggaan sa Pilipinas. Habang nananatiling mas tapat sa US, ang dalawahang pagpapakapapet ni Marcos ang magsasapanganib sa mga Pilipino sa gitna ng tumitinding tensyon sa pagitan ng kanyang dalawang amo. Dapat siyang ilantad bilang traydor sa integridad ng Pilipinas.

Lahatang-panig na paigtingin ang demokratikong rebolusyong bayan, tanging solusyon sa kahirapang idinudulot ng imperyalismo. Sa pagbagsak lamang ng imperyalismo at pagwawakas ng dayuhang kontrol makakamit ang tunay na kalayaan ng Pilipinas.



## *Dagliang ambus, tagumpay laban sa 80th IBPA*

Isang dagliang ambus ang isinagawa ng Narciso Antazo Aramil Command-NPA-Rizal sa naglalakad na tropa ng 80th IB noong Enero 31, 2024, 5:10 umaga. Binigwasan ng NPA ang nag-ooperasyong tropa na nagresulta sa 1 patay at 2 sugatan sa kanilang panig. Samantala, ligtas na nakaatras ang yunit ng NPA.

Sa pagkataranta, nagpasabog pa ang mga sundalo ng M203 grenade sa kadikit lamang ng sarili nilang tropa. Matapos pa ang labanan, pilit na itinago ni Lt. Col. Mark Anthony Ruby at ng kanyang pasistang tropa ang kanilang kaswalti sa kahihiyan.

Notoryus ang 80th IB sa mga kaso nito ng paglabag sa karapatang-tao ng mga katutubong Dumagat at Remontado, mga magsasaka at iba pang residente ng Rizal. **ASR**



# El Niño sa Rizal

Sa mga unang buwan ng taon, dinanas ng mamamayan ang malubhang epekto ng El Niño. Sa kabila ng pagiging sagana ng Sierra Madre sa tubig mula sa mga ilog at sapa, iba't ibang sektor ng mamamayang Rizaleño ang naghirap pa rin dahil sa pananalasa ng penomenong ito.

Sa mga magsasaka, epekto ng tagtuyot na hindi na nakalaki nang husto ang kanilang mga tanim na kamote, luya at saging. Maliit na at tuyot ang luya, at maging ang mga bunga ng saging ay nagkakaroon na ng banakal (matigas na bahagi) dulot ng pagkakasakit ng mga puno nito. Marami na ring pananim ang namatay dahil sa matinding init.

Kaugnay na epekto nito ay ang murang pagbili ng mga negosyante sa kanilang mga kalakal. Sa mga mas interyor na bahagi tulad ng mga sityo sa Uyungan, kinukuha ang kamote sa halagang P7-P8 kada kilo, ang saging sa halagang P5 kada kilo, at ang luya sa halagang P8 kada kilo.

Dahil sa El Niño, umiinit din ang tubig sa mga ilog, sapa, lawa at dagat. Sa mga ilog at sapa, lumalayo ang mga isda tungo sa mga malalim na mga bahagi ng tubig na malamig kaya't kaunti ang nahuhuli ng mga nangingisda. Dahil sa pag-init ng ibabaw ng dagat, nagdudulot ito ng "fish kill". Sa mga lugar tulad ng Pililla at Jala-Jala, bumababaw ang tubig sa lawa, dahilan kung bakit liya na lamang ang nakakain ng mga isda, at naglalasang "liya" o "gilik" ang mga ito. Bunsod ng ganitong lasa, halos hindi na mabenta ang kanilang huling isda. Kahit ang may-ari ng mga fish pen ay triple ang nagiging gastos para pakainin ang mga alagang isda.

Apektado rin ang mga mananari o mamumuhag (nangunguha ng pulot). Dahil sa init at kakulangan sa tubig, hindi makapamulaklak nang maayos ang mga kahoy. Dulot nito ay kaunti lamang ang nalilikhang pulot ng mga pisukan. Noon, sa isang puhagan (pagharvest), nakakakuha sila ng 3 galon ng pulot. Ngayon ay hindi pa sila makakuha ng isang galon ng pulot sa isang puhagan.

Samantala, sa kalusugan at araw-araw na pamumuhay naman ang inindang epekto ng iba pang sityo tulad ng Macaingalan at Ilas sa Brgy. Puray. Sa Macaingalan, hindi na kinayang iakomoda ng kanilang bukal ang halos 80 hose na humihigop ng tubig papunta sa mga bahay. 15 na lamang na hose ang kinaya nitong iakomoda kung kaya malaking abaal ang paghingi ng mga residente sa mga bahay na nakakakuha pa ng tubig. Sa Ilas, mayroong dumanas ng heat stroke dahil sa walang-katumbas na temperatura noon. Ganito rin sa ilang barangay sa Antipolo kung saan tuyot na ang kanilang mga pinagkukuhanan ng tubig, ito man ay balon o poso. Tuyot na ang kanilang mga pananim dahilan sa kawalan ng tubig na pandilig.

Sa lahat ng ito, iilan lamang ang nakaambon ng kaunting mumo at walang natanggap ni anumang ayuda o tulong ang karamihan ng Rizaleño mula sa rehimeng US-Marcos II.




*Natutuyo na ang bahagi ng Marikina River Basin, Rodiguez, Rizal*

*Tuyong-tuyo ang lupa sa Sitio, Quinao, Brgy. Puray, Rodriguez, Rizal*



# Bawal na ang mabuhay:
# Pagbabawal sa pagkakaingin, dagdag pasakit sa El Niño

Nitong Marso hanggang Abril nagpaabot ang Department of Environment and Natural Resources (DENR) sa Brgy. Puray, Rodriguez, Rizal na ipinagbabawal na ang pagkakaingin at pag-uuling sa mga tao.

Nagsimulang pumasok ang DENR sa mga lupa sa Puray noong taong 2016 para sa proyekto diumano ng pagtatanim sa bundok sa ilalim ng National Greening Program (NGP). Sa ngalan ng reforestation, kinokontrata ng DENR ang mga people's organization na magtanim ng mga punong kahoy tulad ng Gemilina, Mahogany, at iba pa. Karaniwan itong tinatawag na pagsi-seedling, at pinatutupad sa saklaw ng mga lupang ninuno at mga inokupang lupa ng mamamayan sa gubat para pakinabangan.

Naging pansamantalang trabaho ang mga gawain sa ilalim ng kontrata ng NGP, mula sa pagsasarbey ng mga tataniman, pagtatabas, paghahakot ng mga pananim at hanggang sa pagtatanim nito.

Matatapos na ang kanilang kontrata ngayong 2024. Sa halip na ang DENR ang umalis dahil sa matatapos na ang kontrata, ang mamamayan pa ang nais paalisin sa kanilang kinagisnang lupang ninuno dahil sinasaklaw na ng mga "forested area" na bawal putulan ng kahoy at bawal hawanin. Ibig sabihin, bawal pagtaniman at pagtirhan.

Ang pagkakaingin at pag-uuling ang dalawang pangunahing ikinabubuhay ng mga tao sa Brgy. Puray. Bagamat mayroon ding idinudulot na panganib sa kalikasan, ito na lamang ang mga trabahong maaasahan ng mamamayan gayong ang mga lupa sa kagubatan ang matagal nang kinabubuhay ng mga katutubong Dumagat at Remontado bilang kanilang lupang ninuno at ng iba pang magsasaka na wala nang ibang pakikinabangang lupa. Wala ring ni anumang pangmatagalan at sustenableng hanapbuhay na ibinibigay ang reaksyunaryong gubyerno bilang kapalit ng pagkakaingin at pag-uuling.

Sa panahong ng tagtuyot, kung saan ay tila pinaaga ang panahon ng tagkiriwi, katambal ng walang-awat na pagtaas ng presyo ng bilihin, malaking pasakit ang pagbabawal ng DENR na magkaingin at mag-uling. Daing ng isang residente, "Para na nilang sinabing bawal na kayong mabuhay!" **ASR**

---

*mula sa pahina 6*

kalikasan at ilang opisyal ng LGU ang mga quarry bilang salarin sa malubhang kalamidad sa tuwing may malalakas na bagyong tumatama sa Rizal at Metro Manila. Kalaunan, magiging sanhi din ito ng pawasak ng mga bukal ng sapa at pagkatuyot ng katubigan.

Sa kasalukuyan, ang pagtatayo ng Wawa Dam at Kaliwa Dam ay nagdudulot na ng pagkasira ng kalikasan. Namumuti na ang mga bundok sa Rodriguez dulot ng pagkakalbo na ginagawa ng konstruksyon sa Wawa Dam. Sa Kaliwa Dam pa lang, 9,500 ektarya na ng kagubatan ng Sierra Madre ang mawawala para sa eryang reservoir ng dam. Oras na maitayo ang mga dam na ito, haharapin naman ng mamamayan at kalikasan ang kagimbal-gimbal na banta ng ibayo pang malalaking delubyo at pagbaha sa tuwing may bagyo, dahil sa pagpapakawala ng tubig mula sa dam. Ganito ang naging karanasan sa Umiray-Angat Dam sa Gen. Nakar, Ipo at Angat Dam sa Bulacan at Magat Dam sa Cagayan Valley.

Kasama sa programa ng demokratikong rebolusyong bayan ang pangangalaga sa kalikasan. Lalo't ang Rizal ay bahagi ng Sierra Madre na tinurang isa sa pinakamatatanda at pinakamayayamang kagubatan sa bansa, kritikal at mapagmatyag ang rebolusyonaryong kilusan sa lugar sa mga korporasyon at iba pang malalaking entidad na nagbabanta sa kalikasan. Kung hahayaan ang mga mapangwasak na proyekto sa Rizal, mas malalaking pinsala sa buhay ng mamamayan at kalikasan ang idudulot nito sa mga susunod na taon.












# Banta ng La Niña

Noong Hunyo, dahil sa nailantad na kapalpakan sa pagtugon sa El Niño, nagpaabiso na agad ang rehimeng Marcos II kaugnay sa nakaambang La Niña. Bilang isa sa tinatamaan ng matitinding pagbaha sa Timog Katagalugan, inaasahan na muli ang malaking panganib ng iba't ibang kalamidad sa prubinsya ng Rizal sa tuwing may malalakas na bagyo.

Mula lamang 2018-2022, dinanas ng mamamayang Rizaleño ang apat na kalamidad na may katakot-takot na pinsala sa buhay, kabuhayan at kalikasan.

Noong Agosto 2018,




Bagyong Habagat ang humambalos sa Rodriguez at San Mateo, hanggang sa kanugnog nitong Marikina City sa Metro Manila. 19,000 katao sa Rizal ang nagbakwit para sa kaligtasan. Sa San Mateo, walong barangay nito ang binaha. Sa Antipolo at Rodriguez, lumalangoy na ang mga tao sa baha para makauwi sa kanilang bahay o kaya ay lumikas habang maraming ari-arian ang napinsala.

Hinigitan ito ng matinding delubyo ng Bagyong Ulysses noong Nobyembre 2020. Winasak ng bagyo ang bahayan at taniman sa Rizal, laluna sa San Mateo at Rodriguez. Mula sa bubong ng kanilang mga bahay sa Kasiglahan Village sa Brgy. San Jose, Rodriguez, pinanonood ng mga residente noon ang mabilis na tumataas na lebel ng tubig. Para sa kanila, mas mabilis pa ang pagtaas nito kumpara noong Bagyong Ondoy noong 2009. Hindi rin malayo ang sinapit ng San Mateo, kung saan inabot din ng baha ang tirahan at kabuhayan ng mga tao. "Parang pinlantsa ang mga tanim namin—mga puno ng saging, langka, avocado. Wala nang napakinabangan matapos ang Ulysses," ayon kay Nanay Merly, isang residente ng San Mateo.

Setyembre 2022, muling sinalanta ang Rizal ng Bagyong Karding. Lubhang naapektuhan ang Rodriguez at Tanay, kung saan tinangay ng flash flood ang




apat na magkakapamilyang taga-Barangay San Isidro.

Tatlong buwan matapos nito, naganap muli ang isang flash flood sa Tanay, Sta. Inez. Namatay dito ang 8 katutubong Dumagat—sina Teresita Quinto, Maylard Keith Fernandez, Leonida Doroteo, Salvacion Delgado, Carmen dela Cruz, Esmena Doroteo, Avelino Buera at Teodoro Buera. Kalakhan sa mga ito ay mga senior citizen habang si Teodoro Buera ay 5-taong gulang na bata.

## Ang penomenon ng climate change

Ang climate change o pagbabago ng klima ay ang pagbabago sa kundisyon ng panahon bunsod ng pagbabago sa temperatura ng daigdig, partikular ng global warming o pag-init ng buong daigdig. Dahil dito, nagiging mas matindi at walang katiyakan ang klima.

Malaki ang papel ng mga korporasyon ng mga imperyalista at malalaking burgesya-kumprador sa global warming dahil sa ginagawa nilang pagsira sa kabundukan, kagubatan at karagatan. Ang gahamang pandarambong ng likas na yaman ng bansa para sa tubo ang nasa likod ng malawakang pagkawasak.

Sa Rizal, numero unong nag-aambag sa global warming




ang mga quarry. Kinakalbo nito ang mga gubat at mga ilog at sapa sa paligid nito. Binubutas din nito ang kabundukan na nagreresulta sa paghina ng lupa at mas malaking posibilidad ng mga landslide. Ilan sa mga notoryus na kumpanya ng quarry ay ang Rapid City Realty, ATN Holdings, Inc., Blue Rock Aggregates, Dream Rock Resources Phils., at Hardrock Aggregates.

Dahil sa nagpapatuloy na operasyon ng maraming quarry, hindi na nakakapapagtaka na dumadalas ang mga insidente ng flash flood at lumalala ang mga pagbaha, lalo mula sa Upper Marikina River Basin Landscape na makakaapekto sa Tanay, Antipolo, Rodriguez, San Mateo at hanggang sa Metro Manila. Sa katunayan, ilang ulit nang kinundena ng mga tagapagtanggol ng

***Sundan sa pahina 5***

## Barangay San Jose sa Antipolo City, ginawang garison ng 80th IB at SAF-PNP

Tadtad na ng mga himpilan ng 80th IB ang Brgy. San Jose, Antipolo City. Sa pagpasok ng Hunyo, bibilang na ng 17 ang hinihimpilan ng SAF-PNP at 80th IBPA sa buong barangay, kung saan 15 sityo na ang may presensya nito, at mayroong mga sityo na higit sa isa ang pinaghihimpilan.

Sa 17 himpilan, ang ilan ay bibilang na ng taon ang itinatagal. Ang himpilan ng 80th IB sa sentro ng Sityo San Joseph, sa bahay ng isang residente, ay tatlong taon nang nananatili. Ang mga nasa Payagwan at Baryuwin ay halos taon na ring nananatili. Hindi pa man opisyal na kampo ang mga ito, nagiging garison ng 80th IBPA at SAF-PNP ang mga pwestuhang kadikit lamang ng mga bahay ng mga Rizaleño.




Hindi na inaawatan ng 80th IB ang mga nasabing lugar at kung sakali man ay sa panahon lamang na magpapalitan ng tropa sa mga operasyon. Sinasabayan ito ng RCSPO (Retooled Community Support Program Operations) sa anyo ng pagbubuo ng mga samahan at pamamahagi nila ng binhi para sa pagtatanim na layong ipagmukha na nilulutas ng NTF-ELCAC (National Task Force to End Local Communist Armed Conflict) ang problemang pang-ekonomya ng mga tao.

Kasabay ng operasyong paniktik sa mamamayan,

### *Paglabag ng 80th IB at PNP-Rizal sa mga alituntunin sa digma*

Ayon sa mga batas na sumasaklaw sa digmaan at karapatang-tao tulad ng Geneva Conventions, Protocol I at II, at International Humanitarian Law, hindi maaaring magtayo ng kampo o himpilan ang mga armadong pwersa kadikit ng mga bahayan.

Sa mga pinepwestuhan ng 80th IB at SAF-PNP sa Brgy. San Jose pa lamang, 14 sa mga ito ay may kalapitan o 'di kaya'y nasa mismong mga bahayan. Ang pwesto ng SAF-PNP sa sentro ng San Joseph, halimbawa, ay nasa mismong bahay ng sibilyan.

May kahalintulad na paglabag sa ibang barangay, kung saan 2 taon nang pinepwestuhan ng naglalabas-masok na tropa ng 80th IB ang bahay ni Rico Agudes sa Sityo Ilas, Brgy. Puray, Montalban. Bagong-gawa ang bahay na ito noong 2022 ngunit hindi na nagawang tirhan ng kanyang pamilya dahil inokupa agad ng mga sundalo. Sa halip, nananatili sila sa lumang bahay na walang 100 metro ang layo mula sa pwesto ng mga sundalo. Hindi na ito inalisan ng 80th IB mula nang masawi sa labanan sa pagtian ng NPA at AFP ang kapatid ni Rico na si Jovel Agudes noong Hulyo 2022.

Bukod pa rito, may mga nauna na ring kaso ng pagsasapanganib sa buhay ng mga sibilyan. Noong Abril 2023, matapos ang labanan sa pagitan ng NPA-NAAC at 80th IBPA sa Sityo Kislatan, Brgy. Mascap, Montalban, nagbanta ng pambobomba ang 80th IB sa mga residente ng barangay, ngunit hindi ito nanatiling banta. Aktwal na binomba at pinasabugan ng mortar ang isang gulod habang nag-uula ng kalabaw ang isang residente. May ilang beses na ring nagpapaputok ng baril ang mga sundalo sa mga inuman nito sa Brgy. Mascap at Brgy. Puray, bagay na ikinababahala ng mga residente. ASR

# BALITANG HRVs
# HUMAN RIGHTS VIOLATIONS NG 80TH IBPA

### *Pagnanakaw o kumpiskasyon ng pag-aari*

Noong Abril, halos ubusin ng 80th IB ang mga niyog ni Achilles Navarte sa Sityo Maugraw (mas kilalang Sityo Rantso) nang hindi nagpapaalam. Dito rin sila namimili at nangungutang sa tindahan niya, kung saan ilang ulit nang lumalabas ang mga tropa ng 80th IB nang hindi binabayaran ang mga inuutang nito. Kalapit ng bahay at taniman ni Navarte ang detachment ng 80th IBPA. Ito ay matapos ipakalat ng 80th IB noong Marso na magnanakaw ang mga NPA.

***(*Ang mga larawan ay patungkol sa iba pang paglabag sa kalunsuran.)***




### *Arbitraryong paghahalughog at pagkumpiska*

May insidente rin ng nangharang ang mga ito sa Uyungan kung saan arbitraryong binuksan ang dalang gamit ng isang mag-uuling. Pati ang batang kasama nito na nakakuyom ang kamay sa likod ay sinindak at pinabukas ang kamay upang makita ang hawak gayong wala naman itong tangan.

Noong Mayo, inokupa ng nag-ooperasyong tropa ng 80th IB ang paaralan sa Sityo Quinao, Brgy. Puray. Nakaduyan ang mga sundalo habang nagkaklase ang mga batang edad 6-12. Kalagitnaan ng klase din sila nag-iinteroga sa mga bata at nagtatanong kung kilala ang mga taong nasa mga litratong hawak nila.




### *Pagbabanta, intimidasyon at harasment*

Buwan ng Abril, hinarang ng 80th IB si Sarian Dela Cruz. Nanunuso ito sa sapang Makabinawan nang pakitaan ng mga litrato ng NPA at mariing inenteroga ng sundalo. Sa takot ay nasabi niyang siya nga ang nasa litrato gayong hindi naman.

### *Iligal na detensyon*

Namimili ng gamot ang mag-asawang taga-Sityo Dapis, Brgy. Puray para sa kanilang manugang at apong sanggol nang hulihin at isakay sila sa truck ng mga elemento ng 80th IB. Dinala sila sa kampo sa Cabading, Brgy. San Jose, Antipolo City at bininbin hanggang kinabukasan.






## Kilos Protesta sa ika-2 taon ni BBM, isinagawa sa Antipolo City

Nagkilos protesta ang iba't-ibang sektor noong Hunyo 30, 2024 sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan-Rizal sa Cogeo Gate 2, Antipolo City upang markahan ang ikalawang taon ng palpak, papet, papet, pahirap at pasistang rehimen ni Marcos Jr.

Ayon sa Bayan-Rizal, sa ikalawang taong ng pagmamarka ng inagurasyon ni BBM mula noong Hunyo 30, 2022 ay lalung naghirap ang mamamayang Pilipino, lalung tumaas ang presyo ng bigas, gasolina at iba pang bilihin, lumiit ang halaga ng sahod sa patuloy na implasyon, lalung sumidhi ang tensyon sa West Philippine Sea (WPS), habang abala naman sa pagkokonsolida ng kanyang kapangyarihang pampulitika at pakikipagmabutihan sa US sa harap ng biyakan ng paksyong Marcos at Duterte at sa gitna ng mas agresibong galaw ng China sa WPS.

Patuloy na kumikiling at itinataguyod ng rehimeng US-Marcos Jr. ang mga patakarang neo-liberal ng mga imperyalistang bansa sa pangunguna ng US na sila ang pangunahing nakikinabang at ang kanilang mga lokal na ahente. Sa hinaba na ng panahon wala ni isa man administrasyon ang nagmalasakit sa kapakanan ng mga manggagawa sa pagdagdag ng nakabubuhay na sahod batay sa family living wage at ang laging pinapaboran ay ang mga malalaking negosyante at dayuhang mamumuhunan.

Hindi pa nasapatan sa mga makadayuhang patakarang importasyon, liberalisasyon at pribatisasyon, nais ng rehimeng US-Marcos Jr. na alisin ang lahat ng restriksyon sa ekonomiya katulad ng isang daang porsyentong pagmamay-ari ng mga dayuhan sa ating mga lupain sa pamamagitan minamadaling Charter Change at kasabay nito ay makapanatili sa poder lampas sa itinakda ng ating Saligang Batas.

Patuloy na itinutulak ng rehimeng US-Marcos Jr. ang mga mapanirang malalaking proyektong pangkaunlaran tulad ng pag-apruba sa 134 na minahan at ang 2,000 ektaryang solar project sa Laguna Lake na makakaapekto sa mga mangingisda hanggang sa baybayin ng Rizal. Nariyan pa rin ang tuloy-tuloy na konstruksyon ng Kaliwa Dam na magpapalubog sa hindi bababa sa 10,000 kabahayan sa palibot ng Tanay, Rizal at General Nakar, Quezon. Palilikasin ng Kaliwa Dam ang mga pamilya sa Brgy. Pagsangahan, General Nakar, Quezon at Brgy. Magsaysay, Infanta, Quezon dulot ng Kaliwa Dam. Palalayasin ng Laiban Dam ang mamamayan sa 8 barangay sa Tanay, Rizal—Laiban, San Andres, Sto. Niño, Mamuyao, Tinucan, Cayabu, Sta. Ynez, at Daraitan—at sa Brgy. Lumutan, General Nakar, Quezon. Mawawala sa mga magsasaka at katutubong Dumagat at Remontado ang kanilang mga lupa, na pangunahin nilang pinagkukunan ng kabuhayan.

Isa rin sa ipinagmamalaki ni BBM sa kanyang ikalawang taon at sa State of the Nation Address sa Hulyo ay ang isa sa kanyang flagship project na Wawa Dam na inaasahang maging fully-operational sa 2025.

Ngayon pa lamang, ay nawalan na ng tirahan, lupain at sakahan ang mga magsasaka at mga katutubong Dumagat na pinalayas sa pagtatayuan ng dam. May mga nawalan ng trabaho sa lokal na turismo dahilan sa ipinagbabawal na ito. Ang mga apektado ay ang mga jeepney drivers na naghahatid ng mga turista, mga bangkero at mga may-ari ng maliliit na mga resort. Nagrereklamo na rin ang mga residente ng pagbaha sa kanilang mga taniman at kinakailangan pa nilang magbangka para makadaan dito. Lalu na kung ganap na mag-operasyon na ito ay aasahan na babahain ang mga karatig lugar gaya ng Marikina, San Mateo at Antipolo sa panahon ng tag-ulan at bagyo.

Malawakan rin sa lalawigan ang land use conversion (LUC) upang idevelop ang mga lupaing agrikultural sa mga komersyal na gamit, subdvision bukod pa sa mga quarry at iba pa dahilan upang ang mga magsasaka at maralitang lungsod ay mawalan ng sakahan at tirahan.

Ang mga kabataan estudyante, kababaihan at LGBTQIA+ community ay nakikipaglaban para sa kanilang mga batayang karapatan at kagalingan na sinisikil. Sa mga paaralan at unibersidad ay marami ang walang mga konseho ng mag-aaral at publikasyon o kung mayroon ay hawak ng administrasyon at walang tunay na kinatawan ng mga estudyante at academic freedom. Subalit sa halip na tugunan ito at ang mga batayang pangangailangan tulad ng maayos na pasilidad, pagtaas ng kalidad ng edukasyon, dagdag na mga silid-aralan, dagdag na sahod ng mga guro ay pananakot, panggigipit at

red tagging ang itinutugon ng pamahalaan kasabwat ang DepEd, AFP at PNP sa mga kabataang nakikipaglaban sa kanilang mga karapatan. Nito lamang Marso ay nagkaroon ng Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng DepEd Rizal para sa pagpapatupad ng Community Information Awareness and Approach Program (CIAAP) batay sa Provincial Resolution No. 3, Series of 2023. Ito ay walang iba kungdi mga red-tagging seminars upang supilin ang malayang pamamahayag ng kabataan sa loob ng mga paaralan at pamantasan sa Riza na matalas na nagsusuri at kritiko sa mga mapaniil na mga patakaran ng gubyerno at ng mga paaralan.


Dahilan sa patuloy na pagtindig ng mga Rizaleño para sa karapatan sa lupa, nakabubuhay na sahod, maayos na serbisyong panlipunan at tunay na kalayaan, marami ang nagiging biktima ng pasismo ng estado. Sa unang hati ng taon ay sunod-sunod na hinahanap, minamanmanan, tinatakot, nirered-tag at kinakausap upang "makipagtulungan" o sumuko ang mga lider at kasapi ng mga progresibo at lehitimong samahan ng iba't-ibang sektor sa probinsya.

Nadagdagan ang bilanggong pulitikal sa lalawigan mula sa lima noong unang kwarto ng 2023 ay bumibilang na ito sa sampu sa kasalukuyan. Tiyak na nadagdagan rin sa kasalukuyan ang naitala noong 2023 na 966  mga biktima ng sapilitan at maramihang pagpapasuko at "disaffiliation". Habang may 22 kaso ng pinagsama-samang Threat, Harassment, Intimidation, Red-Tagging, hinahanap, minamanmanan, kinakausap at tinatakot ng 80th IBPA/ELCAC/Pulis at CAFGU.

Nagpapatuloy at tumitindi ang militarisasyon hindi na lamang sa higit na sampung komunidad ng mga magsasaka at katutubong Dumagat sa bahaging Montalban, Tanay at Antipolo kungdi maging sa mga paaralan na rin na tahasang paglabag sa Internasyunal na Makataong Batas.  Sa bahagi naman ng San Jose, Antipolo ay tila ginawang garison ng 80th IBPA ang komunidad na pinagtayuan ng 18 detatsment ang magkakalapit na sityo. Sa Puray, Montalban naman pinapasok ng mga militar ang mga eskwelahan para magtanong sa bawat silid-aralan ng mga batang mag-aaral kung may nakikitang mga NPA.

Hanggang sa kasalukuyan ay wala pa rin hustisya para sa mga pinaslang noong Bloody Sunday Massacre sa Timog Katagalugan noong Marso 7, 2021. Sa siyam na pinaslang, anim ang mga Rizaleño at tatlo lamang ang inimbestigahan ng Department of Justice sa bisa ng Administrative Order 35 na nagsasabing pulitkal ang kaso. Lahat ng ito ay wala pa rin hustisyang nakukuha.

Kung Kaya't sa ikalawang taong panunungkulan ng rehimeng US-Marcos Jr. at pagpasok ng kanyang ikatlong State of the Nation Address (SONA) sa Hulyo ay narararapat lamang na higit napahigpitin ang pagkakaisa upang isulong ang mga karapatan. Ipaglaban ang dagdag na sahod, murang bigas, gasolina, bilihin at serbisyong panlipunan. Isulong ang ating mga batayang karapatan sa ekonomiya, pulitika at sibil. Kamtin ang katarungan sa lahat ng biktima ng pulitikal na persekusyon.




**80th INFANTRY BATTALION,**
**LAYAS SA MGA PAARALAN!**

Ang tumitibay na sabwatan ng 80th Infantry Battalion at ng DEPED-Rizal ay nangangahulugan ng pag-igting ng militarisasyon sa mga paaralan sa lalawigan ng Rizal. Sa ilang beses na pulong ng 80th IB kasama ang DEPED-Rizal para pagkasunduan ang implementasyon ng Community Information Awareness and Approach Program (CIAAP) ay nagresulta ng ilang beses na Red Tagging Seminars sa mga paaralan sa lalawigan.

Ang CIAAP ay nagbibigay hintulot sa berdugong 80th IB na makapaglunsad ng Red Tagging Seminars sa mga paaralan partikular ang sinusuyod nilang mga Senior High Schools. Ito ay upang linlangin ang mga incoming college students na huwag sumali sa mga progresibong organisasyon at bigyan sila ng pasistang pag-iisip na ang magrallly, at iba pang tipo ng pakikibaka ay porma ng terorismo.

Nitong Mayo 22, sa magkaparehong araw, nagsagawa ng Red Tagging Seminars ang 80th IB sa Cainta

Senior High School at, Taytay Senior High School. Lantarang binansagang mga terorista ang mga progresibing organisasyon tulad ng ANAKBAYAN, Kabataan Partylist, at iba pang pambansa-demokratikong pang-masang mga organisasyon.

Sa isinagawang Red Tagging Seminar sa Taytay Senior High School, habang gunagaod ito, nakakalat at kapalibot ang mga armadong sundalo sa paaralan at mga estudyante. Ayon sa mga estudyante, obligado raw silang dumalo sa seminar, at banggit pa nila, hindi nila inaasahang red tagging forum ang kanilang dadaluhan, dahil ang inaakala nila ay isa lamang itong “leadership training.” Sa mismong forum naman, namahagi ng pamplet ang kasundaluhan kaugnay sa “CTG” recruitment kung saan nakalahad dito ang mga panlilinlang nila tulad ng pagbansag nito na terorismo ang magprotesta, at mag-aral ng lipunan.

Sa kasunod na araw, ika-23 ng Mayo, nakatanggap ulit ng ulat na nagsagawa nanaman ng isa pang Red Tagging Seminar ang 80th IB sa Antonio Esguerra Sinior High School sa Taytay, Rizal.

Samantala, habang tumitindi ang militarisasyon sa mga paaralan, tumitindi rin ang krisis ng mga estudyante sa loob ng mga paaralan sa Rizal. Nakararanas ng mapanupil na mga patakaran ang mga estudyante katulad ng kawalan nila ng genuine student representation sa pagpapatanggal ng student publication, student council, at pagpigil sa kanilang kalayaang magorganisa. Kita rin sa mga pampublikong paaralan ang kakulangan ng pasilidad tulad ng upuan, electric fan, comfort rooms, at mga library. Wala ring mga espasyo para sa pagtitipon.

Walang pondo ang mga paaralan para sa mga estudyante, subalit sobrang taas naman ang mga school paper fees, project fees, field trip fees na sinsinigil sa kanila. Samantala, overburdened at overworked ang mga estudyante, dahil sa pinagsisiksikang curriculum sa maikling panahon.

Danas rin ng mga estudyanteng LGBTQIA+ ang diskriminasyon at ang mabagal o kawalan ng tugon sa mga kaso ng sexual assault sa mga estudyante. Mismong mga guro ay sinasabihan ang mga estudyante na ang dahilan ng kanilang mga pagkakamali ay dahil sa kanilang kasarian. O kaya namaa, pilit na pinagpapalit ng damit sa harap ng maraming tao ang mga estudyanteng transwomen. Samantala, ang mga estudyanteng may malinaw na adbokasiya para sa kanilang kapwa estudyante ay iniimbestigahan, pinipilit at nililinlang na magdisaffiliate sa mga progresibong organisasyon kung hindi ay may kapalit na sanction, binabansagang illegal assembly ang mga lehitimong pagtitipon para magtalakayan tungkol sa maiinit na isyu sa paaralan, at nireredtag ang mga estudyanteng progresibo.

Mariing kinukundena ng mga progresibong organisasyon ng mga kabataan sa Rizall ang 80th IB sa aktibo nitong panghihimasok sa mga paaralan sa lalawigan ng Rizal na walang ibang hangarin kundi linlangin ang mga estudyante at ilayo sa landas ng pagiging kritikal at pagsusulong ng tunay na pagbabago. Ang kanilang panghihimasok na ginagawa ay nagdudulot lamang ng takot, at kapahamakan sa mga estudyante, guro, at magulang.






# MALAYA KA Program ng 80th IB, lumang istilo ng panlilinlang at panggigipit sa mamamayan, paglabag sa i nternasyunal na makataong batas!

Ipinagmamayabang ng 80th IBPA ang MALAYA KA Program bilang makabagong paraan para wakasan ang terorismo. Bagong iskema ito alinsunod sa programang E-CLIP na naglalayong katulungin ang mga pamilya upang pasukuin ang umano'y NPA nilang kamag-anak.

Enero 2024, inilunsad ng 80th IBPA ang serye ng mga papulong sa Brgy. Puray, sa Rodriguez, Brgy. San Jose at Brgy. Calawis sa Antipolo City, at Brgy. Punta sa Jala-Jala sa ilalim ng programang MALAYA KA. Isinagawa ang mga talakayan, pakikipagpulong at imbestigasyon sa mga pamilya ng mga pinaghihinalaang kasapi ng New People's Army upang kumbinsihin at sa bandang huli ay obligahin ang mga ito na makipagtulungan sa pagpapasuko sa kanilang mga anak o kapamilya na diumano'y aktibo sa rebolusyonaryong kilusan. Ipinalalangalandakan ito ng 80th IBPA hanggang sa social media, kug saan ipinapakita ang mga litrato ng mga idinaos na papulong kasama ang mga pamilyang ito.


Sa pahayag ni Ka Karyo Liwanag ng NAAC, ang totoo'y ang mga pamilyang ito ay inoobliga lamang na dumalo at isinasailalim sa matinding presyur ng 80th IBPA mula sa mahigpit na pagmamanman sa kanila hanggang sa mga kaso na sinusundan ang mga pamilyang ito ng mga elemento ng 80th IBPA sa mga pupuntahan nila.

"Nakakapang-insulto na napili pa nila ang katawagang MALAYA KA para sa kanilang programa na sa aktwal ay nagkakait sa mamamayan sa kanilang malayang pagkilos." ani Ka Karyo Liwanag.

Malinaw din na ito ay paglabag sa internasyunal na makataong batas alinsunod sa prinsipyo nito ng pag-iiba sa pagitan ng mga sibilyan at kombatant na nagsasabing hindi dapat atakehin ang mga sibilyan at lahat ng kanilang pag-aari.

Ayon kay Ka Karyo, mabibigo ang MALAYA KA Program na nagpapatuloy sa kahiraapn, karahasan, panlilinlang at teror sa mamamayan. "Kailanman ay hindi makakamit ang kapayapaan ng hindi inuugat ang puno't dulo ng problema ng mamamayan na siyang laging tinatanggihang lutasin ng reaksyunaryong gobyerno."

## KULTURA






*Mga Larawan sa kaliwa at kanan na bahagi sa itaas: Marso28 at 29, 2024-Sa ika-55 anibersaryo ng NPA ay namahagi ang NDF-Rizal ng polyeto sa Alay Lakad sa Antipolo at ang KM-Rizal ay nagsabit ng streamer sa isang footbridge sa Taytay.*




*Mga Larawan ng Narciso Antazo-Aramil Command-NPA-Rizal, NDF-Rizal, Kabataang Makabayan-Rizal at PKM-Rizal sa pagdiriwang ng ika-55 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas, Disyembre 26, 2023 ; paggunita sa ika-1 taon ng pagkamatay ni Ka Jose Maria Sison, Disyembre 16, 2023 at sa kanyang ika-85th kaarawan noong Pebrero 8, 2024.*














***Pagdiriwang ng Narciso Antazo Aramil Command-NPA-Rizal sa ika-55 Anibetrsaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas***
*Enero 02, 2024*











